

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
DAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-32 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 08 SETYEMBRE 2003, IKA- 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY ODIONG

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Batcos
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Angelos D. Bautista
Konsehal Hernan C. Frorita
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal Gemar C. Montesa

Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal King Philip B. Dimapilis



- On Leave

- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 075
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAADOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG ODIONG SA PAMUMUNO NI KAPITAN CAMILO G. FERREIRA AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawat buwan sa mga barangay ng bayan ito;
- SAPAGKA'T ang ikawalong barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay Odiong na ginanap ngayong Setyembre 08, 2003;
- SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Odiong at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikauunlad ng barangay;
- SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamumunang barangay ng Odiong at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampanan.



SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Odiong sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Setyembre 08, 2003.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na lpaabot sa Sangguniang Barangay ng Odiong at sa mga mamamayan nito ang taugpusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Setyembre 08, 2003.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Odiong, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Camilo G. Ferreira para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 08 Setyembre 2003


PINATUTUNAYANG WASTO.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan


PINATITIBAYAN:


CESAR L. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

metz/
090903

 29/16 2003